# Ehekutibong Buod (Executive Summary)

Nakatuon ang County ng San Diego sa pagbuo ng isang mas makatarungan at makatuwirang mundo. Kinikilala nito ang mga nakaraang kawalang-katarungan at kasalukuyang mga hadlang sa istraktura sa pagkakapantay-pantay at aktibo itong nagtatrabaho para ayusin ang pinsala sa ating mga komunidad. Ang ulat sa mga Equity Indicator na ito ay isa sa maraming hakbang na ginagawa ng County para matugunan ang hindi pagkakapantay-pantay. Tinutukoy nito ang mga epekto ng pagtatangi ng lahi at iba pang anyo ng pang-aapi. Maaaring magbigay ito ng lakas sa ating lahat na bumuo ng mga pamamaraan para makatulong na maalis ang hindi pagkakapantay-pantay. Hindi na maaalis sa kasaysayan ng mundo ang ilang siglong mga patakaran sa diskriminasyon at kasanayan. Gumawa sila at nagpatuloy ng hindi pagkakapantay-pantay sa maraming bahagi ng buhay, kabilang ang kalusugan, kaligtasan, edukasyon, kayamanan, at kadaliang kumilos sa lipunan. Ang mga tao sa Amerika ay maaaring makaranas ng hindi patas na pagtrato para hindi maging malusog, hindi gaanong ligtas, hindi masyadong nakakapag-aral, mas kaunti ang kita at mas mababa ang naabot dahil lamang sa kanilang lahi at etnisidad, kasarian, katayuan sa imigrasyon, kapansanan, klase at maging sa lugar kung saan sila nakatira.

Nangangako ang County ng San Diego na makikipagtulungan ito sa lahat para gumawa ng mga makatuwirang solusyon na magpapahusay sa mga resulta ng pamumuhay para sa lahat ng tao at para makipagtulungan sa lahat ng sektor ng pamahalaan, mga nonprofit na organisasyon, mga negosyo, mga tao at mga grupo ng komunidad. Ang pagbuwag sa mga hindi makatarungang istruktura ay hindi lamang ang tamang moral na kailangang gawin. Maaari din itong magbukas sa pang-ekonomiyang potensyal ng mga taong pinipigilan sa sistematikong paraan, magtaguyod ng pagsasama-sama sa mga komunidad at magpasigla ng mga kapitbahayan. Makikinabang tayong lahat dito.

Ipinapakita ng data sa ulat ang isang partikular na panahon, sa pangkalahatan ang taong 2021, pero ang mga pagkakaibang ito ay resulta ng mga pangmatagalang trend na inaasahang magbabago nang dahan-dahan habang nagbabago ng mga saloobin, patakaran, at sistema. Makikita sa ibaba ang mga pangunahing tampok para sa County ng San Diego mula sa bawat lugar:

1. Kaugnay ng **mga komunidad at buhay sibiko** noong 2021, mas kaunti ang pagkakaiba ng lahi/etniko sa baybayin at silangang bahagi ng county kaysa sa gitnang bahagi ng county. Mas malamang na mairehistro ang mga kwalipikadong botante sa silangan at hilagang baybaying bahagi ng county kaysa ang mga nasa gitnang bahagi ng county. Noong 2017, hindi sapat ang bilang ng mga kumakatawan sa county para sa mga negosyong pagmamay-ari ng minorya at mga negosyong pagmamay-ari ng babae. (pinakabagong data sa petsa ng pagbuo ng ulat).

2. Sa **maagang pag-unlad mula sa pagkabata**, labis ang bilang ng mga kumakatawan sa mga mag-aaral ng mga pampublikong paaralan para sa Hispanic at Black sa mga kabataang walang tirahan noong akademikong taon ng 2021-2022, at ang kahirapan sa kabataan ay hindi pantay na nababahagi ayon sa lahi, kapansanan, at katayuan sa imigrasyon noong 2021. Kapansin-pansin na ang mga batang Native Hawaiian o Pacific Islander, Hispanic o Latino, at Black o African American ay nakaranas ng kahirapan nang higit sa dalawang beses kaysa sa kahirapang naranasan ng mga batang White American sa San Diego County. Noong 2019, (ang available na pinakabagong data sa petsa ng pagbuo ng ulat), nakaranas ang 63% ng mga nasa hustong gulang ng isa o higit pang Adverse Childhood Experience (ACE) bago ang edad na 18. Pinakamataas ang mga ACE sa mga lalaki, sa mga hindi Hispanic at Iba pang Lahi, mga hindi Hispanic na White, at mga Hispanic kumpara sa pangkalahatang sa county.

   Sa **edukasyon**, sa pamantayang pagsusuri na isinagawa sa akademikong taon ng 2021-2022, nagkaroon ng malawak na pagkakaiba sa mga mag-aaral ayon sa lahi, kasarian, katayuan sa kapansanan, at katayuan sa pamumuhay, pero sa pangkahalahatan nalampasan ng mga mag-aaral sa county ang kanilang mga kaedad sa California. Nagkaroon din ng hindi pantay na bilang sa mga nagtapos sa akademikong taon ng 2021-2022, at may mga pagkakaiba sa mga 3 at 4 na taong gulang na nakapagpatala sa paaralan noong 2021 ayon sa lahi, kapansanan, at katayuan sa imigrasyon. Sa akademikong taon ng 2021-2022, labis ang bilang ng kumakatawan sa mga mag-aaral na Hispanic o Latino, African American, at American Indian o Alaska Native sa mga pagsususpinde kumpara sa kanilang kabuuang pagpapatala. Sa mga mag-aaral na nasa K-12 sa pampublikong paaralan, humigit-kumulang 17% ng mga Nag-aaral ng Wikang Ingles (English Language Learner) ang nasa Ika-4 na antas ng kasanayan, ang pinakamataas na antas, sa Ingles. Ibig sabihin, mayroon silang mahusay na kasanayan sa pakikinig, pagbasa, pagsasalita, at pagsulat.

3. **Makikita rin ang mga pagkakaiba sa sistema ng pagkain** ayon sa lahi, kasarian, kapansanan, katayuan sa imigrasyon, at heograpiya. Noong 2021, talagang malaki ang pagkakaiba sa kakulangan ng pagkain ayon sa lahi/etnisidad. Higit sa tatlong beses na mas malamang na maipatala sa SNAP ang mga Black o African American na mga tao kaysa sa mga White American at dalawang beses na mas malamang kaysa sa mga residente ng county sa pangkalahatan. Batay sa 2019, ang pinakabagong data na available sa panahon ng pagbuo sa ulat, maraming lugar sa county ang may kaunti hanggang sa napakaunting pag-access sa grocery.

4. Ang mga pagkakaiba sa mga resulta ng **kalusugan** sa mga grupo ay makikita simula sa kapanganakan—noong 2021, dalawang beses na mas karaniwan ang mababang timbang ng bagong panganak na sanggol sa mga Black o African American na ina kung ikukumpara sa mga panganganak sa mga White na ina. Magkakaiba ang inaasahang haba ng buhay mula sa kapanganakan ayon sa kasarian at lahi, na may 9.8 taon na agwat sa pagitan ng pinakamababa at sa pinakamataas na mga inaasahang haba ng buhay ayon sa lahi. Mahigit sa isang quarter ng mga census tract noong 2021 ang

nakaranas ng kakulangan sa pangangala sa kalusugan ng pag-iisip, dental, o pangunahing pangangalaga. Kung ikukumpara sa mga residenteng White American, ang mga American Indian o Alaska Native ay limang beses na mas malamang na walang insurance, ang mga Hispanic o Latinos naman higit sa tatlong beses na mas malamang, at mga Black o African American ay dalawang beses na mas malamang.

Sa **pabahay**, noong 2021 ang mga White at Asian na sambahayan ay dalawang beses na mas malamang na magkaroon ng kanilang sariling mga tahanan kaysa sa mga Black o African American na sambahayan. Bukod pa rito, ang mga Black o African American na sambahayan ay mas malamang na gumastos ng higit sa kalahati ng kanilang kita para sa pabahay kumpara sa ibang mga sambahayan. Noong 2022, nararanasan ng mga tao sa lungsod ng San Diego ang pinakamataas na bilang ng mga walang tahanan, na sinundan ng Oceanside, Chula Vista, at El Cajon.

5. **Mayroon ding mga pagkakaiba sa Imprastraktura** noong 2021. Nag-ulat ang mas malaking porsyento ng mga taong Black o African American, Native Hawaiian o Pacific Islander, Hispanic o Latino, American Indian o Alaska Native, at iba pang mga lahi na mga tao na walang silang mabilis na pag-access sa internet sa kanilang bahay kumpara sa mga White American. Dalawang beses na mas malamang na sumakay ng pampublikong transportasyon ang isang manggagawang may kapansanan kaysa sa isang manggagawang walang kapansanan. Ang mga silangang bahagi ng county ay may pinakamahabang oras ng pag-commute, lalo na kung ihahambing sa mga lugar sa baybayin.

6. Kabilang sa ilan sa mga pinakamalaking pagkakaiba ay ang pagkakataon magkaroon ng oportunidad sa mga **trabaho at pananalapi**. Noong 2021, humigit-kumulang 27% ng mga taong may kapansanan ang lumahok sa lakas paggawa, kumpara sa 72% ng mga taong walang kapansanan. Ang mga Black o African American at mga taong may kapansanan ay may pinakamababang antas ng trabaho sa mga kalahok sa lakas paggawa. May mga kapansin-pansin na pagkakaiba sa kahirapan ayon sa lahi, kasarian, kapansanan, at katayuan sa imigrasyon. Ang mga Black o African American, Hispanic o Latino, Native Hawaiian o Pacific Islander at iba pang lahi na mga tao, mga residenteng may kapansanan, at mga imigrante ay mas malamang na mas mababa sa 200% ng pederal na antas ng kahirapan kung ikukumpara sa pangkalahatang mga residente ng county. Dagdag pa, humigit-kumulang 36% ng mga residente ang hindi nakakuha ng sapat na sahod noong 2021. Noong 2022, humigit-kumulang 20% ng mga sambahayan ang may utang na hindi pa nababayaran, at sa lahat ng uri ng utang, ang mga komunidad na karamihang hindi White ang lahi ay mas malamang na magkaroon ng utang na hindi pa nababayaran kaysa sa karamihan ng mga White na komunidad.

7. Mayroon ding mga pagkakaiba sa pag-access sa mga **parke** at kalidad ng mga **likas na yaman** sa buong county noong 2021. Sa walong istasyon ng pag-monitor sa kalidad ng hangin sa county, ang Alpine ang may pinakamababang porsyento ng mga araw na “Maganda” ang kalidad ng hangin na nauugnay sa Ozone, at ang El Cajon at Otay Mesa

ang may pinakamababang porsyento ng mga araw na “Maganda” ang kalidad ng hangin na nauugnay sa particulate matter na <2.5 microns. May sapat na access sa mga parke o mga lugar ng komunidad ang humigit-kumulang 53% ng mga residente ng San Diego County, at ang mga beach sa South County ay hindi gaanong naapektuhan ng mga pagsasara ng beach.

Kung titingnan ang **krimen at legal sa sistema** noong 2021, nagtala nang pinakamataas na antas ng marahas na krimen ang National City at Lemon Grove at pinakamataas na antas ng krimen sa ari-arian sa Del Mar at National City. Mayroon ding 89 na mga krimen dahil sa pagkapoot sa lahi (hate crime) na naitala sa county noong 2021. Pitumpu't isang porsyento (71%) ng mga krimen dahil sa pagkapoot ay nauudyukan ng pagkamuhi sa lahi at halos 50% ng mga krimen dahil ng pagkapoot sa lahi ay anti-Black o anti-African American. Sa mga lungsod ng San Diego at Carlsbad, ang mga taong Black o African American at Hispanic o Latino ang kumakatawan sa maraming bilang ng dahilan ng mga paghinto ng trapiko, kahit na ang kabaligtaran ay totoo para sa Departamento ng Sheriff ng San Diego County. Ang Departamento ng Sheriff ng San Diego County ang may pinakamataas na bilang ng mga batang naaresto, at kasunod ay ang mga departamento ng pulisya ng El Cajon, National City, at Escondido. Ang bilang ng pagkakakulong kada isang tao sa mga Black o African American ay mas mataas kaysa sa mga White na tao, at ang mga bilang ng pagkakakulong ng mg Hispanic o Latino at Native Hawaiian o Pacific Islander ay halos dalawang beses na mas mataas kaysa sa mga White.

Sana makadagdag ang ulat na ito sa iba pang available na pampublikong data at magpamulat sa mga tao sa rehiyon para kumilos, para gawin ang lugar na ito na mas magandang lugar para manirahan, magtrabaho at umunlad para sa lahat. Gagamitin ang impormasyon sa ulat na ito para bumuo ng kasunduan sa pagitan ng mga panrehiyong pamahalaan at ahensya sa kahalagahan ng pagkakapantay-pantay at para pasiglahin ang pakikipagtulungan sa pagpapabuti ng mga resulta.